

2018 Manwal ng Halalan sa Ontario
Ginagawa naming madali ang pagboto.
Ang Sino, Kailan, Saan at Paano ng Pagboto



Ang ika-42 na Pangkalahatang Halalan sa Ontario ay gaganapin sa **Hunyo 7, 2018**.

Kasama sa gabay na ito ang mahalagang impormasyon tungkol sa kung sino, kailan, saan at paano ng pagboto sa Ontario.

Mayo 9	Ang mga kautusan ay ibinigay at ang mga nominasyon ng kandidato ay bukas
Mayo 10	Unang araw para mag-aplay upang bumoto sa pamamagitan ng espesyal na balota
Mayo 17	Ang mga nominasyon ng kandidato ay magsasara ng alas-2 ng hapon (ET)
Mayo 26 – Hunyo 6	Ang malalapitang pagboto sa iyong opisina ng halalan
Mayo 26 – Mayo 30	Ang paunang pagboto alas-10 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi (ET)
Mayo 29	Huling araw upang magpalista sa Listahan ng mga Botante gamit ang e-Registration (elektronikong-Pagparehistro)
Hunyo 7	Araw ng Halalan alas-9 ng umaga hanggang alas-9 gabi (ET)

Sino ang mga boboto?

Ikaw ay karapat-dapat bumoto sa 2018 Pangkalahatang Halalan kung ikaw ay:

- hindi bababa sa 18 taong gulang sa araw ng halalan, **Hunyo 7, 2018**, at
- isang mamamayan ng Canada, at
- isang residente ng Ontario.

Sino ang ibinoboto ko?

Ikaw ay boboto para sa isang nakarehistrong kandidato sa iyong elektoral na distrito upang kumatawan sa iyo bilang isang Miyembro ng Provincial Parliament (MPP) [Pamahalaang Panlalawigan] sa Pambatasang Pagpupulong ng Ontario. Mayroong mga 124 MPP - isa para sa bawat elektoral na distrito sa lalawigan.

Ang pulitikang partido na may pinakamaraming inihalal na MPP ay karaniwang bumubuo ang bagong pamahalaang panlalawigan.

Ang batas ng Ontario ay nagbibigay sa iyo ng karapatang tanggihan ang iyong balota. Ang mga tinanggihang balota ay kasama sa opisyal na bilang.

Ano ang Bago?

Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, ngayon maaaring mong idagdag ang iyong sarili sa Ontario Register of Future Voters (Mga Darating na Nakarehistrong Mga Botante ng Ontario) sa **elections.on.ca**.

Sa sandaling idinagdag, ang iyong impormasyon ay awtomatikong ililipat sa Listahan ng mga Botante kapag ikaw ay naging 18 taong gulang.

Dapat ikaw ay hindi bababa sa 18 taong gulang sa Hunyo 7, 2018 upang bumoto sa pangkalahatang halalan.

Listahan ng Mga Kailangan ng Botante

- Tiyaking nakarehistro ka upang bumoto sa **elections.on.ca**.
- Kunin ang iyong Voter Information Card (VIC) [Kard ng Impormasyon ng Botante] sa koreo.
- Siguraduhin na mayroon kang tamang ID.
- Alamin ang tungkol sa iyong mga karapatan, mga isyu at mga kandidato.
- Piliin kung kailan, kung saan at kung paano mo gustong bumoto.
- Magplano kung paano ka makakarating sa lugar ng mga botohan. Tandaan na dalhin ang iyong ID at VIC kapag bumoto ka.

<Voter Information Card [Kard ng Impormasyon ng Botante] >

Nasa Listahan ng Mga Botante?

Dalhin ang iyong Voter Information Card (VIC) at ID kapag pumunta upang bumoto.

VOTER INFORMATION CARD CARTE D'INFORMATION DE L'ÉLECTEUR

Election day / Jour du scrutin :

June 7, 2018 from 9 a.m. to 9 p.m. (ET)
Le 7 juin 2018, de 9 h à 21 h (HE)

You vote at / Où voter :

EVERGREEN DISTRICT SS *
75 NEPTUNE ST
OVERTHERE, ON

Electoral district / Circonscription électorale :

LEEDS—GRENVILLE—THOUSAND ISLANDS
AND RIDEAU LAKES / LEEDS—GRENVILLE—
THOUSAND ISLANDS ET RIDEAU LAKES

Poll / Bureau de vote : 247A

Your address / Votre adresse :

10-123 MAIN ST SE
OVERTHERE ON O3O 3O3
LINE 3 ADDRESS IF NEEDED

Elections
Ontario

If Undeliverable
Return To:
Return Address:
City: ON E0E 0E0



859-3956-20011-559312



ELECTIONS.ON.CA

You are registered / Vous êtes inscrit / inscrite

DAVID ERADES
175 BLOOR STREET EAST
TORONTO ON M4W 3R9



Kailan ako boboto?

Ang araw ng Halalan ay **Hunyo 7, 2018**. Bumoto mula alas-9 ng umaga hanggang alas-9 ng gabi (ET)

Maaari ka ding bumoto:

- sa personal sa iyong opisina ng halalan mula **Mayo 10 hanggang Hunyo 6**,

- sa personal sa iyong opisina ng halalan mula **Mayo 26 hanggang Hunyo 6** na may teknolohiyang tulong sa pagboto,
- sa personal sa panahon ng paunang pagboto mula **Mayo 26 hanggang Mayo 30** mula **alas-10 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi (ET)**, o
- sa pamamagitan ng koreo, simula **Mayo 10, 2018**. Ang iyong minarkahang balota ay dapat matanggap ng punong himpilan ng Halalan Ontario nang hindi lalampas ng **alas-6 ng gabi (ET)** sa araw ng halalan, **Hunyo 7, 2018**. Makakakuha ka ng pormularyong aplikasyon sa:
elections.on.ca
sb@elections.on.ca
iyong opisina ng halalan
1-855-523-5932 (libreng tawag)
1-416-649-1046 (may bayad na tawag)
1-888-292-2312 (TTY libreng tawag)

Tandaan

Dalhin ang iyong Voter Information Card (VIC) at ID upang makuha ang iyong balota ng mas mabilis.

Saan ako boboto?

Kung ikaw ay nagrehistro para bumoto ng **Mayo 29, 2018** ikaw ay makatanggap ng isang Voter Information Card (VIC) sa koreo bago ang araw ng halalan. Ang VIC ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa kung kailan at kung saan maaari kang bumoto. Maaari mo ding mahanap ang iyong lokasyon sa pagboto sa **elections.on.ca**.

Pagboto ng Estudyante

Kung ikaw ay nasa paaralan, maaari mong piliin na bumoto sa distrito ng halalan kung saan ka permanenteng naninirahan o sa distrito ng halalan kung saan ka pansamantalang naninirahan upang pumasok sa paaralan. Upang bumoto, dapat kang magkaroon ng ID na nagpapakita ang iyong pangalan at adres ng tirahan.

Pagboto sa Ospital

Kung ikaw ay naninirahan sa isang kalahok na ospital upang makatanggap ng pangangalaga, maaari kang bumoto mula **Mayo 21 hanggang Mayo 23**. Siyasatin sa iyong opisina ng halalan.

Ano ang Bago?

Ang mga distrito ng halalan ng Ontario ay dumami ng 124 para sa Pangkalahatang Halalan ng 2018.

Ito ay nangangahulugan na maaaring ikaw ngayon ay boboto sa isang bagong distrito ng halalan.

Hanapin ang iyong lokasyon sa pagboto sa **elections.on.ca**.

Paano ako magrehistro upang bumoto?

Kung hindi ka nakatanggap ng isang Voter Information Card (VIC), maaaring wala ka sa Listahan ng mga Botante.

Idagdag ang iyong sarili sa Listahan ng mga Botante sa **elections.on.ca** ng **Mayo 29, 2018** upang makakuha ng isang VIC. Maaari mo ding magpabago ang iyong impormasyon sa iyong opisina ng halalan, sa isang paunang presinto o sa araw ng halalan.

Upang idagdag ang iyong sarili sa Listahan ng Mga Botante, kailangan mo ng isang pirasong ID na nagpapakita ang iyong pangalan at adres ng tirahan.

Hanapin ang listahan ng mga katanggap-tanggap na ID sa elections.on.ca.

Ano ang Bago?

Ang aming bagong online e-Registration (elektronikong Rehistrasyon) na kagamitan ay ginagawang madali para sa iyo na ikumpirma, magpabago o idagdag ang iyong impormasyon sa Listahan ng mga Botante.

Bisitahin ang **elections.on.ca** ng **Mayo 29, 2018** upang gawing madali ang pagboto sa araw ng halalan.

Paano kung kailangan ko ng tulong upang bumoto?

Matuto nang higit pa tungkol sa kakayahang mapuntahan ang iyong lokasyon sa pagboto sa **elections.on.ca**.

Pinapayagan ang mga serbisyong hayop.

Maaari kang magdala ng isang miyembro ng pamilya, kaibigan, o taong sumusuporta, o magtanong sa isang manggagawa sa botohan na tulungan kang bumoto. Kayong dalawa ay hihilinging magpahayag na ang tulong ay kailangan at ang iyong boto ay pananatilihing lihim.

Maaari ka ding makakuha ng mga kagamitan at mga serbisyo tulad ng:

- mga tagubilin sa pagboto sa mahigit 30 wika,
- mga pagpapalaki ng pilyego,
- isang suleras ng Braille na balota,
- teknolohiyang tulong sa pagboto sa iyong lokal na opisina ng halalan mula **Mayo 26 hanggang Hunyo 6**, o
- pagsasauli ng nagugol para sa pagbabayad ng isang nakarehistrong sign language na tagasalin o tagapamagitan.

Kung mayroon kang kapansanan na nakakaapekto sa kadaliang kumilos, mangyaring makipag-ugnay sa iyong opisina ng halalan.

Ano ang Bago?

Ngayon maaaring mong gamitin ang iyong mobile phone bilang isang kagamitang pangtulong.

Gayunpaman, hindi mo maaaring gamitin ito upang kunin o ibahagi ang mga larawan o mga video ng mga nakumpletong balota.

Makipag-ugnay sa Amin:

Website elections.on.ca

Telepono **1-888-668-8683**

TTY **1-888-292-2312**

Email info@elections.on.ca

Twitter **@ElectionsON**

Facebook **ElectionsON**

Instagram **@electionson**

YouTube **ElectionsOn**

Upang makakuha ng impormasyon sa manwal na ito sa isang magagamit na ayos, mangyaring bisitahin ang elections.on.ca o tumawag sa 1-888-668-8683 o 1-888-292-2312 (TTY).

Paano ako makakapagtrabaho sa panahon ng halalan?

Ang Elections Ontario ay naghahanap ng mga manggagawa para sa pook ng botohan upang matulungan kaming ihatid ang halalan. Kailangan mong maging 18 taong gulang upang mag-aplay sa karamihan ng mga posisyon, at mayroong ilang mga posisyon na bukas para sa 16 na taong gulang. Para sa mga detalye, bisitahin ang elections.on.ca.